Minors Travelling Abroad

TRAVEL CLEARANCE PARA SA MGA MENOR DE EDAD

Para sa mga menor de edad na mag-isa o may kasamang tagapag-alaga na pupunta sa ibang bansa maliban sa kanyang mga magulang

MGA KINAKAILANGANG DOKUMENTO

A PARA SA MGA BIBIYAHE SA UNANG PAGKAKATAON

- Napunang application form
- Kopya ng Birth Certificate o passport ng menor de edad
- Liham ng Pagpapahintulot o Parental Consent ng mga magulang o solo parent o legal guardian na pumapayag sa menor de edad na pumunta sa ibang bansa na may kasama
- Kung kinakailangan, maaaring magsumite ng mga sumusunod na dokumento:
  - Kopya ng marriage certificateng mga magulang
  - Kopya ng certificate of legal guardianship ng menor de edad
  - Para sa solo parents, isang kopya ng solo parent identification card o certification mula sa Municipal Social Welfare and Development Office na nagpapatunay na ikaw ay isang solo parent
  - Tallaq o Fasakh certification mula sa Shariah court o anumang Muslim Barangay o religious leader
- Para sa mga illegitimate minor, certificate of no marriage mula sa local civil registrar, o kapag patay ang mga magulang, kopya ng death certificate
- Dalawang kopya ng colored passport size photos ng menor de edad na nakunan sa loob ng anim na buwan
- Kopya ng passport ng kasamang tagapag-alaga (para sa mga may kasama)

ISKEDYUL NG PAGBIBIGAY NG SERBISYO

- Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am – 5:00pm
- Isumite ang mga kinakailangang dokumento sa DSWD Regional Office sa inyong lugar

KABAYARAN SA PAGPROSESO

- Php 300.00 para sa Travel Clearance na tatagal ng isang taon
- Php 600.00 para sa Travel Clearance na tatagal ng dalawang taon

B PARA SA MGA BIBIYAHE SA ILANG PAGKAKATAON

- Napunang application form
- Liham ng Pagpapahintulot o Parental Consent ng mga magulang o solo parent o legal guardian na pumapayag sa menor de edad na pumunta sa ibang bansa na may kasamahan
- Kopya ng nakaraang travel clearance o magsumite ng parehas na requirements na nabanggit sa A
- Dalawang kopya ng colored passport size photos ng menor de edad na nakunan sa loob ng anim na buwan
- Photocopy ng passport ng kasamang tagapag-alaga (para sa mga may kasama)

DSWD
Department of Social Welfare and Development

dswdserves | www.dswd.gov.ph | MAAGAP at MAPAGKALINGANG SERBISYO! #DSWDMayMalasakit